SPEECH OF PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE DURING THE CEREMONIAL DEMILITARIZATION OF CAPTURED, CONFISCATED, SURRENDERED AND RECOVERED FIREARMS DURING THE MARAWI CRISIS AND CEREMONIAL AWARDING OF THE ORDER OF LAPU-LAPU

Philippine Army Headquarters Grandstand, Fort Bonifacio, Taguig City
13 December 2017

[Bakit itong akin ayaw magtuyok?] [laughter]

Troop commander, kindly give the tikas pahinga order.

It's a very unsettling [kindly sit down] --- very unsettling to see a soldier wounded. But as I have promised you, ipinangako ko sa inyo there will be interventions after the --- 'yung masugatan kayo. And I just released what I promised right after the liberation of Marawi and I'll give you P500 million for intervention 'yan after sa ospital. [applause] And isa 'yung kumpare ko na sundalo, kumpare ko 'yon eh. I assure you that you will have your hands again --- prosthetics na titanium. [applause] And I'm sure that you will go out and fight again for another day.

My warmest congratulations to the awardees. Saludo po ako. [salutes the soldiers] [applause] I will remember you for all time. Ganito 'yan eh our oath of office is simply --- pare-pareho tayo --- if you abbreviate the so many words in that oath of office, it simply says that we protect the people for we are government workers and being government workers it is our business to preserve the nation, the Republic of the Philippines. 'Yon ang ating trabaho.

I am glad that we are all here but I have to make the acknowledgments. Congratulations also to the officers and men of the entire Armed Forces of the Philippines and the Philippine National Police for just simply doing their duty to protect our nation. And ako as --- dumadaan lang po kami. Ako, I have four years remaining and maybe we can do something about the threats against the duly constituted government. Wala naman tayong gustong pumatay.

I have my speech here but may I just continue also to say that the Interior and Local Government Undersecretary General Eduardo Año. It's strange but the only provision I think that I can find where a retired military man cannot be appointed to the position of DILG. All others wala akong parang nakita na bawal except dito hindi siya muna maka-assume until after one year from his retirement because it is prohibited. And therefore I choose just to appoint him to skirt around the law because I want General Año to be there sa DILG. Marami tayong problema sa ating bayan and I choose the men who think --- who I think and who also think of their country. So kaya ang address ko sa kanya is Undersecretary muna.

And then we have General Rey Leonardo Guerrero, the Chief of Staff of the Armed Forces. In a short while parang papalapit na rin sa retirement but I hope you'd still be around. Maraming trabaho ang gobyerno dapat gagawin. So I'm sure everybody else, in the fullness of God's time, kung buhayin tayo, we will still be together as a team.

The officials and enlisted personnel of the Armed Forces, mga kababayan.

May prepared speech ako but I want to add more. And I would like to thank Congress for understanding the plight of the Filipino. Tayo, me personally, eh Presidente ako well I will just order but the problem is kung sapat ba 'yung dimensions ng hinahawakan kong poder. Not power but the duty. Alam mo mahirapan talaga ako 'pag walang martial law sa Mindanao.

I will make it public and maybe telegraph also to the other side. Alam mo itong mga komunista, the terror group now called the communists, ito 'yung walang hinto na laban. And they have been fighting government for almost 50 years and I hope we will not have to go into another 50 years. I do not want to kill my brothers and sisters who are Filipinos. Kung gusto talaga natin ng away, I would have preferred a foreign country, hindi Pilipino. And the problem is sabi nga ng isang --- I heard which I think is a very appropriate, 'yung hindi makahintay.

You know because there are processes to follow, procedures to honor. Kaya itong martial law, without the martial powers, the ancillary powers attached to the implementors, the implementing agency, mahihirapan tayo. Ilang oras lang tayo pwede mag-detain a person? The longest is 36 hours. You think you can really solve the problem, the crime? Eh mga kriminal 'to eh. Hindi naman ito 'yung imbued with a sense of patriotism. You know the crime rebellion is really very simple. 'Yung hindi masyadong mabigat ang parusa. As a matter of fact, sometimes it is called the noble crime because 'yung iba mag --- you know, mutiny, 'yung iba mag-rebel. Mababa ang penalty pati bailable ang members.

You know why? Because we believe and you believe kayong lahat nakikinig that ang gusto ng mga tao na ito ang pagbabago for the better. That's the only reason, their motivation, their criminal intent is for change so that we can move and move better towards the best of the Filipinos. Ang problema, there are rules to follow. If you want change, and then you have to go to the people and explain to them.

Hindi natin problema 'yang may mga drug lords, may mga mayaman, ayaw nang umalis sa pwesto and they have a ruling dynasty --- kasali na rin ako. Kasi it started with my father as governor then ako naging --- pati 'yung anak ko. Alam naman -- - sabihin nila pulitika. Eh ang problema 'yung mga tao. Eh gusto ko ng mag-retire, eh 'di sabi nila, "eh 'di si Inday na lang." Who am I to say no if you think in good faith na talaga 'yon ang gusto ng tao?

Kagaya ng Davao, nakapunta naman kayong lahat. I'm sure you have gone around the place. O tingnan mo 'yung Davao ngayon. Inipit ko lang lahat, lahat. Tayong taga-

gobyerno, pati ‘yung mga kriminal, inipit ko talaga ‘yan. Because I wanted a better Davao. And we are gaining a headway.
Sana ngayon sabi ko nga makipag-usap ako apat lang ‘yung eh: I will stop corruption. At alam talaga ninyong ‘yung isang commission... You can just imagine traveling, it does not really matter what it is but you cannot use the money of the people everytime there is a meeting outside of the Philippines. Huwag mo sabihin pakialaman mo lahat ng mga conventions pati seminar diyan. And to think that your office is the office of the urban poor. You travel eight times. You have been appointed September. Eight times, you go in and out, what do you use? The money of the people.

Hindi sabihin mo na “that I was there for a productive…” I do not believe in that s***. Matagal akong mayor, matagal akong Presidente. At sasabihin ako raw, sige travel. O ‘di, palit tayo. Sige, ikaw mag-Presidente. You know, hindi naman --- hindi tayo lahat pwedeng maging Presidente eh, ‘yan ang problema. There are so many incongruities in this life. You want to enjoy the perks or maybe the distance traveled by a President? You think I enjoy it at this, my age, ‘yung jet lag? It puts me down. ‘Yung last time, gusto ko nang mag-collapse.

Imagine, I came, we came from Vietnam then on the day after, we started early. Tsaka itong nag-program itong protocol na ito. You know, ‘yung mag-start ba naman ng 8:40, 8:30 in the morning tapos matapos ng alas-diyes, alas-onse, alas-dose. Ang akala naman nila, kaming mga participants, Boy Scout. Ang tatanda na. So I said, “It’s not an easy job, it’s not a walk in the park,” ika nga. Anybody who wants to be… Gusto ng travel? ‘Di pumunta ka sa tao, magpa-elect ka ng President but do not compete with me because I mismo, inaabot na rin ng pagod sa buhay. I can not be physically fit all the time simply because of age.

Now, another incongruity is also this: Itong mga komunista nagre-rebelde noon. Ngayon, terorista na sila. Wala nang causa eh, wala lahat. Then when you ambush, you stay there in one place to waylay, nag-aabang ka para ambushin (ambush) mo and any military or police or government security personnel or even plain civilians who are with government. Maghintay ka diyan para ambushin ninyo. Tapos your intention is really to kill. Pagkatapos may bata, 4 months old, titirahin mo. Sabihin mo, “Mayor, hindi naman namin sinadya ‘yan eh. Aksidente eh.” T*** i**. Don’t give me that kind of s***. Pagka ang sinabi mo magdaan dito pulis o military papatayin namin, kasali na diyan, walang aksidente diyan. You are really out to kill people. So you have to assume the responsibility. Doon ako, sabi ko wala. Eh kung maski pati bata, ambushin mo, eh wala na itong katapusan. This is terror. It is not now impelled with a sense of --- to rebel because you want a new government.

Kung sila mag-rebellion noon, sabihin nila, “We are revolutionaries. Ang aming tungon sa buhay ay maganda. Para sa bayan.” Ako ngayon magsabi, biruin ko, “Mag-revolutionary government din ako.” Nandiyan na kaagad sa Mendiola, “No to revolutionary government.” Ibig mo sabihin ikaw mag-revolt, ako hindi? Anong klase ‘yan? Bakit? By what right do you have na solohin mo ‘yang revolution na ‘yan? Ikaw

lang ba ang marunong? Kayo lang ang may alam niyan. Eh kung mag-revolt rin ako? Eh ‘yan ang mahirap eh.

Kagaya itong droga. Sabi nitong mga u*** na mga puti, mga doktor nagpunta pa dito na, “You know, drugs is temporary stupor,” parang lasing ka lang diyan. You know, bakit…? Kung maganda ang droga, why is it it is punished all around the world and even with a death penalty, for example, Indonesia, Singapore and Malaysia, and the Philippines? Eh kung talagang… Bakit nagkakaproblema ang Amerika? And shabu is the pinaka --- according to studies. It gives you a bizarre behavior. Para kang unggoy diyan na walang isip, violent pati aggressive. Eh kung wala ‘yang droga, kung maganda ‘yan, bakit marami akong pulis pati sundalo namatay?

Eh, ‘yan nga ang problem diyan, the incongruity na kung sila, okay lang. Tayo dito para sa tao, masama. Eh anak… Eh kung ganun, hindi talaga tayo magkaintindihan. Ang akin eh, hindi naman ako namumulitika pero what did I promise the people, including you, the Filipino. I promised to cut or eradicate corruption and I am doing it. Sabi ko droga because it will destroy the nation and our young. ‘Yun ang sabi ko.

Ngayon, itong pangatlo, I will improve the countryside. You know, ang pinaka pobreng sector ng ating bayan is the agricultural sector, mga farmers. If you continue your taxa --- I’m addressing now myself to the communists: If you continue to sow terror, tapos maghingi kayo nang maghingi, kompitensya kayo sa gobyerno as if you are also a duly authorized, accredited tax collector, walang mangyayari sa bayan. Wala talagang mangyayari because ang agricultural sector needs to be improved. Anong kailangan doon sa public sector na agriculture? The need to improve their farming, tulong ng gobyerno. Hindi naman tayo nagkukulang, tractor na nga ang ibinibigay ko pati ni Piñol but yet they cannot operate there.

Why? Nandiyan ‘yung komunista pati ‘yung mga multinationals na papasok because the only thing that can improve agricultural endeavors is mayroong factory diyan. For example, in Davao City, sa taas, sa Calinan, mayroon doong mga piña pati o --- then you place the oil mill near where it is so you can save on cost, lessen traffic and all, at ‘yung mga banana, doon na i-canning. ‘Yan ang pagpapa-improve ng agricultural sector. There has to be an industrial vis-à-vis with the farmers. Papaano nandiyan sila, ambush dito pag hindi magbayad. Everyday sinusunog ‘yung mga tractor ng… O how can we..? Tapos sabihin mo hindi sila terrorists? You’re asking money from the poor. Eh kahapon mayroon na --- naghingi ng taxation pati ni-raid ‘yung mga bahay, sasabihin gawain ng sundalo.

Kayong mga nakikinig, kayong mga Pilipino, huwag kayong maniwala niyan. Walang sundalo na kawatan. ‘Yung sa Marawi, nandoon ako. Ano ba naman ‘yang gamitin mo ‘yang electric fan? Bakit ang sundalo ba makanakaw ng kotse? Saan niya ilagay? Pag move out nila, magsakay ‘yan ng mga truck. Saan niya ipasok ‘yang electric fan? Doon sa ilalim ng karsunsilyo niya? Ang pinaka-manipulator dito, ‘yang pulitiko. Hindi naman makatanggap ng talo. Eh sige nang sira nang sira, hindi naman ako makakasira.

Eh kasi… Kasi nagtatrabaho ako. Kasi alam nila na tinutupad ko 'yung salita ko. Pagka nagbitaw ako ng salita maski nung mayor ako, 'pag sinabi kong, "tatapusin kita," tatapusin talaga kita. 'Yan ang prangka-prangka. Pag sinabi kong "umalis ka diyan, kay sisirain mo ang bayan ko," umalis ka diyan. Pag sinabi kong "tatapusin kita," kung walang magtapos sa'yo, ako ang magtapos sa'yo.

Kaya 'yan ang totoo diyan so… Eh napipika ako nitong mga komunista. So there is one year. There is --- it's a big window actually for all of us. Now, I am not a dreamer but the reality, pag one year, pag continuous ang bakbakan, mauubusan talaga kayo ng tao 'yan pati bala. At mayroon akong mga attack helicopters, kayo ang pagpapraktisan ko. Sabihin ko 'pag nandoon sa taas, 'pag nakita ninyo 'yan, may terrorist ba? Sabihin mo pa arestuhin na. Praktisan ninyo kaagad kung… Patayan pala ang gusto ninyo eh 'di ba't… [Nagdating na ba 'yon, Del? 23 wala pa? Attack helicopters?] Kung may pera ako magdagdag ako ng 50. T*** i**, para bibo, 'yung Mindanao parang Christmas time.

Now, the thing that I would not really want to discuss itong terrorism. Aside from the communist --- they are not rebels, they are the criminals of the communist. Itong Mindanao. Bigyan ninyo ako konting panahon. Ang main line --- is the MI pati MN. Give me time to reach an agreement at you bare with me because I will be dwelling on reality.

Sabi ko sa inyo, bago dumating nga 'yang Magellan na 'yan, isa pa 'yan, pagdating ko doon sa Cebu, ang monumento ng g*** mas taas pa kay Lapu-Lapu. Sabi ko, "P***. Anong klase ito? 'Pag mag-presidente ako balikan ko kayo." Magtayo ako ng malaking building na… Hindi ko sirain kasi magalit ang mga Español. Lagyan ko lang siya nang mas mataas na building, because si Lapu-Lapu was the first Filipino to kill an invader. So ngayon, 'yung awards ninyo is si Lapu-Lapu, it's a sacred one. Look, the guy really fought 'yung unang mga banyaga. Let us honor him. Kaya sabi ko noon, kaming mga Bisaya, hindi naman kami galit, why should I be angry about that? Problem is, wala kaming hero.

Ngayon, I'm coming up with… Alam mo --- kayo, alam man ninyo. 'Pag sinabi mong Dagohoy ano 'yan, sabihin, "Ano 'yang g*** na 'yan?" "Sir," sabi ng pulis, "Sir, dagohoy 'yan." [laughter] Eh si Dagohoy matapang 'yon, pinag [laughter] --- eh inupakan 'yung mga Kastila noon. Ngayon, ginawang hold-upper, 'pag sinabing dagohoy hold-upper 'yan eh. [laughter] Totoo, tanungin mo 'yang mga pulis. [Nasaan kayong mga pulis?] 'Di ba 'yan ang tawag ninyo? "Ah, sir, si dagohoy 'yan." Nabuang na. [laughter]

Iyong Bisaya --- tapos 'yung aming… Well, my father was a Cebuano. Binigyan kami ng hero, ang hero na pinakasikat, 'yung award ninyo ngayon, ginawang lapu-lapu, isda. Nabu… [laughter] 'Wag ninyong prituhin 'yan ha? [laughter] Stop… Mag-ano tayo, maghanap tayo ng ibang pangalan diyan sa lapu-lapu na 'yan. Why do you take the name of the person in vain? He was the first Filipino to fight for our country. So much of that.

Again, I would like to thank you. Wala kayong problema, I said. May intervention ako. After the war, I will see to it that. And I have ordered the NHA to build cottages for soldiers who are still on therapy. Ewan ko kung saan ilagay pero hindi dito sa kampo. Sabi ko 'wag. And my last topic would really be… Binigyan ko kayo lahat ng baril. I don't know, it's the supplier, the issue is not us. Binayad na natin, tapos na. Kaya lang walang maka-supply by thousands. Glock o kaya 'yung .45.

Kasi nakikita ko, kayong mga sundalo lumalabas ng kampo, you are sitting ducks, naked. Not in the literal sense, but naked na wala talagang armas 'pag puntahan ka ng mga g*** na paluhurin ka tapos barilin ka wala ka man lang --- o putulon --- putulin 'yung ulo mo. 'Wag kayong pumayag nang ganun. Binigyan ko kayo ng baril, tag-tatatlong magazine 'yan. 'Yung pangatlong magazine, para sa iyo 'yan. [laughter]

Look. Usapang lalaki ito ha. P*****… 'Wag kayong mag-surrender nang buhay, ibigay mo ang baril, tapos gawain ka lang aso sa kampo nilang mga kalaban. At the end of the day, magtawag ng newspaper, gugulgulin 'yang ulo mo sa… Kaya 'yang last magazine, iyo 'yan. 'Pag wala ka nang --- dalawa na lang naiwan tapos may isang platoon pa ang kalaban mo, alam mo na kung anong gawin. [laugther] Eh anong gusto mo, i-televise ka na ginugulgol ka? Mawala ang bilib ko sa'yo. You know, that - --tatlong magazine, kung makapatay ka ng lima diyan sa dalawang magazine, tama na. 'Wag masyado 'yung pa-hero-hero pa. Siguraduhin mo 'yang last magazine mo 'yung hindi dud 'yung bala ha? 'Yung bago, kasi hindi ako --- ako, hindi na ako nagbibili ng… Lahat ng binili ko sa inyo puro bago. Wala akong bibilhin na second hand.
And before I forget. [applause] These things come up to my mind as I go along. Hindi nga ako nagbabasa ng speech kasi… [Bong, 'yung uniporme ng sundalo na sira-sira?] Papuntahin mo doon sa Marawi 'yung tailoring. [laughter] So para hindi magalit 'yung gumawa nito, basahin ko na lang 'yung penultimate paragraph.

These firearms that we demilitarize today shall serve as a symbol of our resolve to defend our freedom and democratic institutions --- hanggang diyan lang tayo --- against those who sow fear through violence and destruction. It is through this that we will honor our heroes and those who lost their lives defending our way of life.

Kaya ako, bilisan ninyo sinabi ko, hindi naman 'yan kailangan talaga, isang parade ground lang at ipareho ng Fort Bonifacio, 'wag ninyong ipagbili. Under the name of the Armed Forces of the Philippines, parentahan ninyo. 'Pag mapuno ito ng buildings kagaya ng Taguig pati Makati, hindi na ninyo kailangan ang gobyerno. You will have a source of your income. But do not worry because nandiyan talaga sa GAA 'yan, General Appropriations Act, kasali 'yan.

So 'yung extra money, eh ang sabi ni Dominguez, ayaw niyang ibigay sa isang --- gusto niya, magtayo kayo ng sariling GSIS ninyo. Para 'yung --- may mga actuarial, lahat. Ayaw niyang ibigay na isang opisina lang. Eh wala tayong magawa eh. Siya 'yung manager ng pera and he wants it --- very clear to him na it will serve its purpose. He has his own paradigm, mindset about all of these things, I am not prepared to argue

with him. But ‘yung pera ilagay ninyo, mag-gawa ng sariling GSIS ninyo at para gusto ko ‘yung mga anak ninyo makapag-aral kung saan nila gusto.

As a matter of fact now, kung sinong gustong mag-aral ng UP, La Salle, Ateneo, San Beda, tell me. Ako na ang magbayad sa tuition ninyo. I want the soldiers to have sons and daughters… [applause] Sige man lang kayo pakpak diyan, makinig kayo. [laughter] ‘Yung ano --- gusto ko na magkaroon din kayo, kaya ninyo magbayad, magkaroon kayo ng anak na doktor, abogado. Eh kung ordinaryong… So ‘yung --- be liberal about --- especially the education of your children.

To those who were wounded in action and are here with us today, we confer upon you the Order of Lapu-Lapu as a recognition of your extraordinary and exceptional service to the nation. May our soldiers continue to inspire --- makinig kayong mga Pilipino --- our people, especially those from Marawi, to rise above all challenges as we rebuild from the ruins of war and look forward to a brighter future.

Maraming salamat po and accept my salute. [applause]

* * *